

1

Nilamukos ni Davon ang sulat na iniwan sa kanya ni Ashlyn at itinapon sa ibabaw ng mesa bago siya lumabas ng terrace para magpahangin. Kagagaling lamang niya ng opisina. He was tired from a whole day's work at inaasahan niyang makakapagpahinga na siya, ngunit ang sulat na iyon ang bumulaga sa kanyang pag-uwi.

It was only five days before his scheduled wedding with Ashlyn, ngunit sa hindi niya maipaliwanag na dahilan ay biglang nagbago ang isip nito.

“I’m sorry, Davon, but I can’t go on pretending any longer. I didn’t mean to hurt you in any way, but I cannot go through with the wedding.” Iyon lamang ang nakalahad sa sulat nito.

Heaving a deep breath, he stared at the endless horizon, as far as his eyes could see. Kung ang ibig sabihin ni Ashlyn ay pagpapanggap lamang ang ipinamalas nitong pagmamahal sa kanya ay mahirap iyong paniwalaan. They had been together for almost a year, at sa loob ng panahong iyon ay naramdaman niyang lubos siya nitong minahal.

Twenty-nine na siya, at bukambibig parati ng kanyang mga magulang na sana ay mabigyan na niya ng apo ang mga ito. Thinking that Ashlyn could be the perfect wife for him, he proposed to her. Naaalala pa niya kung papaano ito nagsisigaw noon sa tuwa sa gitna ng maraming tao sa restaurant.

Why would she fool him? Wala naman siyang ginawang kasalanan dito para magtanim ito ng sama ng loob sa kanya at iwan siyang mag-isang haharapin ang lahat ng kahihyan at pangungutya ng mga tao, lalung-lalo na ng daan-daang mga socialites na inimbata ng kanyang ina.

To make things worse, his mother, Miranda, was a popular fashion designer at pagmamay-ari nito ang sikat na clothing boutique sa bansa, ang *Miranda's Collection*. She had been awarded many times for her excellent designs, kaya pinakaaabangan ng lahat ng fashion magazines ang dinisenyo nitong mga gowns na isusuot ng mga sponsors, lalung-lalo na ang bridal gown na siniguro pa nito sa nakaraan nitong interview na siyang pinakamaganda sa lahat ng wedding gowns na na-design nito.

The press, the media, and the whole country had their eyes focused on that wedding, kaya napakalaking kahihyan kung hindi iyon matutuloy.

“Davon?”

He turned toward the voice. Pagpasok niya sa kuwarto ay hustong pumasok din ang kanyang ina na hinihinal pa. Sa lalim ng kanyang iniisip ay hindi niya napansin ang pagdating nito. Kanina lamang niya ito tinawagan para sabihin ditong hindi na matutuloy ang kasal at dali-dali nga itong dumating doon.

“Ano’ng nangyari?” tanong nito at huminga nang malalim bago nagpatuloy, “Bakit nag-back out si Ashlyn?”

Hindi siya umimik at pinulot ang sulat sa ibabaw ng mesa saka niya iniabot dito. Binasa nito iyon saglit, saka ito muling tumingin sa kanya. Gaya niya ay litung-lito rin ito.

Unang beses niyang nakita itong lumabas na walang makeup. Siguro sa pagmamadali nito nang malaman ang balita ay hindi na nito nagawang ayusin ang sarili.

Nevertheless, she was still beautiful. Her skin still had its youthful glow na para bang nasa thirties lamang ang edad nito at hindi fifty-three. Her hair was long and thick at wala pa ni isang white hair. Kung itatabi nga ito sa asawa nitong si Javier ay

pagkakamalan ang mga itong mag-ama.

“Bakit?” muling tanong ni Miranda. “Nag-away kayo?”

“Nope,” was his simple reply.

“So bakit siya nag-back out?”

He shrugged his shoulders. “Hindi ko rin alam. ‘Yan lang ang sinabi niya.”

“Oh, my God!” she exclaimed. “Davon, we can’t let this happen. Mapapahiya ang pamilya natin. And how about my designs? Pinagpaguran ko ang mga ‘yun. This could be my big break to be an international designer.”

Tiningnan ni Davon ang kanyang ina. Weary was apparent on her face. Batid niya kung gaano ito nagpuyat ng maraming gabi para lamang matapos ang design ng wedding gown na inaabangan ng buong bansa, ngunit wala na siyang magagawa sa bagay na iyon. Lalo na’t hindi na niya ma-contact si Ashlyn. Wala na rin daw ito sa tinitirhan nitong apartment, at kahit siguro mahanap niya ito ay hindi niya ito maaaring pilitin na magpakasal sa kanya kung ayaw na talaga nito.

“I’m sorry, Mom,” he said softly. “I can’t help you

with that.”

“Davon, you don’t understand. Baka masira ang career ko kapag hindi natuloy ang kasal ninyo.”

“I understand you completely, pero sana intindihin n’yo rin ako. Hindi ko ito ginusto, and to be honest, I’m hurt.”

Miranda’s expression softened. Lumapit ito sa kanya at hinaplos ang kanyang braso. “Hindi mo ba siya puwedeng pakiusapan? I cannot take the shame of this, and I cannot risk my career as well. Please, Davon! We have to do something.”

Bumuntong-hininga ang binata. “I tried calling her. Unavailable na ang number niya. Tinawagan ko na rin ang may-ari ng apartment. Kahapon pa raw siya umalis. Nobody knows where she is right now.”

“Subukan natin siyang ipahanap.”

“Mom, it’s only five days before the wedding. I doubt kung mahahanap pa natin siya nang gan’un kabilis. Unless you want to make a public appeal which I am definitely not interested.”

“Hindi ko rin gagawin ’yan. Pagtatawanan tayo ng mga tao.”

“Then we just have to accept things as it is.

Sabihan na lang natin ang mga bisita na hindi na matutuloy ang kasal.”

“My God, Davon! Hindi ko kaya ’yan!”
Mahihimigan ang desperation sa tinig nito.

“So what do you suggest we should do?”

Hinawakan ni Miranda ang noo habang nag-iisip.
“We can get another woman to pose as your bride.”

“What!” gulat niyang naibulalas, his eyebrows meeting.

“I know it’s crazy, but this should be our best solution.”

“Mom.” Natawa siya sa kabila ng hinanakit na pilit niyang ikinukubli. “May larawan kami ni Ash sa mga invitations. Mahahalata nila na ibang tao ang pakakasalan ko. Maliban na lang kung makahanap ka ng kamukha ni Ash.”

“That’s exactly what I am thinking.”

Davon’s eyes rolled. Sa palagay niya ay nababaliw na itong ina niya sa labis na pangamba. “Kahit makahanap ka pa, hindi ko pakakasalan ang isang babaeng hindi ko man lang kakilala.”

“Kung ’yan lang ang problema mo, madali lamang

'yan," anito. "The wedding will not be real. Sa garden naman ang venue. It will be easy to find someone to pose as a priest. Pepekehin din natin lahat ng mga documents. Importante matuloy ang okasyon."

"Mom, you are really out of your mind."

"I'm serious, Davon," paniniguro nito. "This wedding has to push through. Hindi lamang para sa career ko kundi para na rin sa 'yo. I cannot bear to hear them mock you dahil iniwan ka ng babaeng pakakasalan mo. Please, Davon, you must cooperate with me!"

Huminga siya nang malalim at minasahe ang kanyang noo nang tumalikod siya rito. "I'm not sure. Kung ang kahihyan ko lang ang iniisip ninyo, I really don't mind. But I am not going to be selfish. Ayaw ko rin na masira ang career ninyo, so I will cooperate as you wish."

"Thank you," sagot ni Miranda na nakahinga nang maluwig.

"That is," pagpapatuloy niya, "kung makakahanap kayo ng kamukha ni Ashlyn within five days—same face, same complexion, same height, and same body proportion. Dahil kung hindi, mabubuking tayo, lalo na at marami na sa mga relatives natin ang nakakita

sa aming magkasama.”

Terror crept back in his mother’s face. Batid niyang imposible ang nais nitong mangyari, ngunit ayaw niyang tanggalan ito ng pag-asa. Maya’t maya lamang siguro ay mapapagtanto rin nito na kabaliwan ang iniisip nitong solusyon sa problema. Baka ito rin mismo ang mag-announce sa publiko na hindi na matutuloy ang engrandeng kasalan.

Kunot ang noo at wala sa sarili si Erika na naglalakad sa gilid ng kalsada. Isang linggo na siyang ganoon, mula nang malaman niyang illegal pala ang recruiter na in-apply-an ng kapatid niyang si Emerald papunta sana sa States para magtrabaho bilang nurse.

Hindi naman sila ignorante. In fact, she herself went to the *POEA* to check the recruiter’s name. Eleanor Mendoza was a registered agent, ngunit ginamit lang pala ng kung sinumang sindikatong iyon ang pangalan nito para makapanloko ng tao.

It was a disaster when the real Eleanor Mendoza appeared on TV to warn everyone about a certain person using her identity. Nagmadali silang nagtungo sa opisina ng manlolokong iyon, ngunit wala na ito roon. She had taken away half a million of money

na galing pa sa isinanla nilang bahay para lamang makapag-abroad ang kanyang kapatid.

Her mother, Cynthia, was now depressed. Wala pang isang taon mula nang pumanaw ang kanyang ama na biglang inatake sa puso, at ngayon naman ay nanganganib na mawala ang bahay na pinagpaguran ng kanyang ama sa Saudi ng maraming taon.

She had to do something. Nag-file na siya ng loan sa five-star hotel na pinapasukan niya bilang receptionist, ngunit dahil dalawang taon pa lamang siya roon ay wala pa sa isang daang libo ang inaprubahan nilang halaga, sapat lamang na pambayad sa interes.

Napatili siya nang biglang pumreno ang isang van sa harapan niya. Nasa gitna na pala siya ng kalsada at hindi man lang siya lumingon bago siya tumawid. If the van went beyond another half foot, she could had been a goner.

“Ano ka ba?” sigaw ng driver na dumungaw sa bintana. “Mag-ingat-ingat ka nga sa pagtawid.”

Napahawak siya sa kanyang dibdib. Napakalakas pa rin ng kalabog ng kanyang puso dahil sa takot. “Pasensya na po,” aniya at nagpatuloy sa pagtawid.

Dere-derecho siyang naglakad sa eskinita patungo

sa inuupahan niyang apartment. Mura lamang ang renta at malapit iyon sa pinapasukang hotel.

“Miss?” narinig niyang tawag ng isang ginang mula sa kanyang likuran. Lumingon siya; isang eleganteng babae na nakabestida ng hanggang tuhod ang nakita niyang nagmamadaling paparating. Mataas at matulis ang takong ng sapatos nito na lumulubog sa malambot na lupa. Sa tingin niya ay isa itong socialite, kaya nagtataka siya kung ano ang ginagawa nito sa lugar na iyon.

Kunot-noong siyang naghintay sa paparating na ginang. Sa wakas ay naabutan din siya nito. Napasulyap siya sa likuran nito at nakita niya ang driver na sumigaw sa kanya kanina. Ito pala ang nagmamay-ari ng van na muntikan nang makabangga sa kanya.

Lalo siyang naguluhan. *May nagawa ba akong kasalanan maliban sa katangahan ko sa pagtawid?*

“Thank you,” hinihinal nitong sabi. “Puwede ba kitang makausap sandali, Hija?”

A bead of sweat formed on her forehead. Hindi kaya may nasaktan sa loob ng van nang bigla itong pumreno kaya siya nito sinisita? “P-pasensya na po kayo kanina. May iniisip lang po kasi ako kaya hindi

ko napansin ang sasakyan ninyo.”

Umiling ito. “Don’t worry about that. Hindi ’yun ang dahilan kaya kita hinabol.”

Lumalim ang kunot sa kanyang noo. “Eh, bakit po? May kailangan po ba kayo sa akin?”

“Yes, Hija. But first let me introduce myself to you. I’m Miranda Zareno, owner of *Miranda’s Collection*, if you’re familiar with it.”

Napaawang ang kanyang bibig. Alam niya ang brand ng damit na iyon at ilang branches na rin nito ang nakita niya sa mga malls. Ni minsan ay hindi pa siya nakabili roon dahil umaabot sa dalawang libo ang halaga ng isang blouse lamang.

“Oh, my God!” she exclaimed. Hindi niya inakalang makakatagpo siya ng ganoon kalaking tao sa araw na iyon. Kaya pala parang familiar ito sa kanya. “Ano po’ng ginagawa ninyo dito? Delikado po ang lugar na ito. Kapag may nakakilala sa inyo baka po kidnapin kayo.”

“Huwag mo naman akong takutin,” anito at tumawa saglit. “Anyway, what’s your name?”

“Erika Mendez po.”

“It’s so nice to meet you, Erika,” tango nito na

nakipagkamay sa kanya. “You don’t know how happy I am to see you.”

Lalo siyang nalito. Hindi niya matukoy kung ano ang nakita nito sa kanya at kung ano ang kailangan nito. “Ano po’ng maitutulong ko sa inyo?”

“Something so big, Hija,” sagot nito. “Pero huwag natin dito pag-usapan. Would you like to come with me to a restaurant? I really need your help.”

Hindi nakapagsalita si Erika. Never in her life did she come along with a stranger she just met, ngunit sa palagay niya ay wala siyang dapat ikatakot dito. Maliban sa isa itong sikat na designer ay kilala rin niya ito bilang former beauty queen na naging runner-up sa isang beauty pageant noong kapanahunan nito.

“Sige po,” tango niya na sinagot nito ng masayang ngiti.

Half an hour later, magkaharap na silang nakaupo sa loob ng isang exotic restaurant kung saan kakaunti lamang ang tao.

“Wala ka na bang additional order?” tanong nito sa kanya na hawak pa rin ang menu.

Umiling siya. “Tama na po ’yun.”

Tumango ito at ibinalik ang menu sa waiter.

Nang maiwan silang dalawa ay huminga ito nang malalim at tinitigan ang kanyang mukha. Mayamaya ay ngumiti ito na parang tuwang-tuwa.

“I really cannot believe I will find you on that road. Traffic kasi sa highway kaya doon kami dumaan, and I am glad we did. The Lord probably led me to you.”

Salubong na ang mga kilay ni Erika. *Kilala ba niya ako?* Imposible iyon. “Hindi ko po kayo maintindihan.”

Ngumiti si Miranda. “Alam mo kasi, Erika, may malaking problema ngayon ang pamilya namin.”

Bahagyang tumaas ang isa niyang kilay. Hinintay niya itong magpatuloy.

“Have you heard that my son is getting married two days from now?”

Umiling siya. “Pasensya na po pero hindi po kasi ako masyadong nanonood ng TV.”

The older woman laughed. “That’s all right, but the thing is... my son’s fiancée disappeared three days ago.”

Bumuka ang kanyang bibig. “Nawawala po siya?”

“No, no,” iling nito. “She left him.”

Ikinagulat niya iyon. Sa ganda ni Miranda ay siguradong napakaguwapo ng anak nito, bukod pa sa mayaman. Napakasuwerte ng sinumang babaeng napusuan nito, kaya hindi niya maintindihan kung bakit ito iniwan ng fiancée. Maliban na lamang siguro kung masama ang ugali nito. “Kaya hindi na po matutuloy ang kasal?”

“Supposedly, but I can’t let that happen. Mapapahiya ang pamilya namin, at masisira ang career ko bilang designer. Lalo na’t ipinagmalaki ko pa ang wedding gown na dinisenyo ko. Ano na lamang ang mukhang ihaharap ko sa publiko kapag nalaman nilang naglayas ang bride na magsusuot sana sa wedding gown?”

Tumango siya kahit sa loob-loob ay nagtataka kung bakit nito sinasabi ang mga iyon sa kanya. Ngunit interesante nga iyong pag-usapan. Nauunawaan din niya ang kahihiyang haharapin ng pamilya nito kapag hindi natuloy ang kasal. Sa mayayamang may pinapangalagaang stature sa lipunan ay napakalaking bagay iyon.

“Ba’t di po ninyo ipahanap ’yung fiancée ng anak ninyo? Baka naman puwede siyang mapakiusapan.”

“We’ve been searching for her eversince she disappeared, but now there’s no need for that anymore.”

Muling tumaas ang isa niyang kilay. “Bakit po?”

Miranda clasped her fingers under her chin and smiled at her. “Because I found you.”

Nanlaki ang kanyang mga mata. Kung ang nais nitong ipahiwatig ay siya ang gagawing pamalit sa bride ay hindi niya iyon mapapayagan. Hindi niya kilala ang anak nito, at malamang ay masama ang ugali niyon kaya siguro iniwan ng mapapangasawa.

She shook her head and laughed. “You don’t say...”

Tumango ito na parang sinasabing tama ang kanyang iniisip. “You got it, Girl.”

“Oh no. Hindi ko po matatanggap ’yan. Marami naman pong ibang babae diyan.”

“No, Erika. I cannot possibly find another one like you again.”

“Ba’t naman po? Ano po ba’ng nakita ninyo sa akin at ako ang naisipan ninyong ipakasal sa anak ninyo?”

“May larawan ang anak ko at ang fiancée niya sa ipinamigay naming invitations, kaya hindi ako puwedeng mamulot lang ng kung sinu-sinong babae diyan. She had to look like the woman in the picture, at ikaw na iyon.”

Naparalisa si Erika. Nauunawaan na niya ang lahat ngayon. “Really?” she asked anxiously. “Magkamukha po ba talaga kami?”

Positibo itong tumango. “You look like her identical twin except that you’re sexier and your nose is more defined.”

“Wow!” she said and touched her cheek, flattered. “Pero hindi ko po talaga kayo matutulungan, eh.”

“Erika...” Hinawakan nito ang kanyang kamay at pinisil. “Kahit lumuhod ako ngayon dito sa harapan mo, tulungan mo lang ako.”

“Pero hindi ko po kilala ang anak ninyo, at saka hindi ko naman pangalan ang nasa kontrata. Baka mademanda pa ako.”

“Wala kang magiging kaso, sinisigurado ko sa ’yo. Pepekehin natin lahat ng documents. You just have to wear the gown I’ve designed and pose as a bride.”

Erika refused to believe her. Napakalaking

responsibilidad ang pagsusuot lamang niya ng wedding gown. Kung hindi iyon bumagay sa kanya ay madidismaya ang mga taong nag-aabang sa ipinagmamalaki nitong gown.

“Hindi ko po yata kaya ’yan.”

Muli nitong pinisil ang kanyang kamay. “I know it’s hard, but I am willing to pay you. You can name your price.”

Natahimik siya. Kailangan nga niya ng pera para ipangtubos sa naisanla nilang bahay. *Hindi kaya ito na ang kasagutan sa aking mga dasal?* At kapag pinakawalan niya ito ay baka hindi na siya muling mabigyan ng pagkakataon.

“Sige na, Erika.” Halos nagmamakaawa na ang tono ni Miranda. “Please say yes. I promise to compensate you well. Please.”

2

“Yes, yes, I’m on my way,” ani Davon sa kanyang ina na kasalukuyan niyang kinakausap sa telepono. Kagagaling lamang niya sa bahay ng isang kaibigan ni Ashlyn sa pagbabaka-sakaling maituro nito ang kinaroroonan ng kanyang fiancée, ngunit anumang pamimilit ang gawin niya ay nagmatigas itong hindi nito alam.

His father, Javier Zareno, was currently in Indonesia at uuwi lamang ito sa araw sana ng kanyang kasal. Ito ang presidente at may-ari ng *Grand Pacific Tours*, a popular travel agency with over a hundred branches in different countries within the Pacific Ring. Habang wala ang kanyang ama ay siya muna ang umupong OIC ng main office. He was supposed to be on leave, ngunit may emergency raw kaya kinakailangan niyang magtungo sa opisina. Heto naman ang kanyang ina na nagpupumilit na mas urgent daw ang nais nitong ibalita sa kanya.

Pinagbigyan niya ito. Hindi naman siguro siya gaanong magtatagal doon. Besides, he needed to speak with her. Bukas na ang schedule ng kasal, kaya kailangan na niyang pilitin si Miranda na i-announce

na hindi na iyon matutuloy.

Her parents' house was busy when he arrived. Sa front porch pa lang ay may ilang katao nang nakatayo roon at nag-aayos ng mga bulaklak.

So my mother had really decided to push through with the wedding, he thought. Nahanap kaya nito si Ashlyn?

Mabilis siyang pumasok ng bahay. Nang sabihin sa kanya ng katulong na nasa private workplace ang kanyang ina ay kaagad siyang umakyat ng hagdanan. Pagbukas niya ng pinto ay naglingunan ang tatlong tao sa kanya. Kilala niya ang mga iyon. Ang isa ay ang assistant designer at ang dalawa ay mga personal tailors ng ina.

“Davon, you're here,” masayang bati ni Miranda na hustong lumabas mula sa inner door kung saan nito dini-display ang mga gowns.

Nagtataka siyang nilapitan ito. “What's going on?” tanong niya. “Bakit andaming tao ngayon dito?”

Sinenyasan muna nito ang tatlong katao roon na iwan sila bago ito sumagot. “Tomorrow's your wedding day. Alangan namang tumunganga tayo.”

Kumunot ang kanyang noo. “Natagpuan n'yo ba

si Ash?”

Umiling ito. “But I found someone else instead,” anito at hinawi ang kurtina na nakatakip sa one-way mirror.

Davon saw more people inside. Ang mga secondary sponsors ang mga iyon at suot-suot na ng mga ito ang kanilang mga gowns. The motif was violet, kaya mula sa bulaklak sa ulo hanggang sa sandals ay violet. It could have been a beautiful wedding, if...

“Mom...” He turned to his mother with a sigh. “Huwag mong sabihing namulot ka na lang ng kung sinu-sino diyan para lamang matuloy ang kasal.”

Ngumiti si Miranda at hinawakan siya sa baba para muli siyang tumingin sa salamin. “There she is at the couch. Look at her.”

He obeyed, and his eyes widened in shock when he saw Ashlyn sitting right on the couch his mother pointed. “You found her!” he exclaimed. Parang gusto niyang pumasok at yakapin ito, but part of his wounded heart refused. Hindi biro ang ginawa nitong pananakit sa kanya. Forgiveness wouldn’t be too easy.

“That’s not Ashlyn, Davon.”

Salubong ang mga kilay niyang tumingin dito. He hoped she was kidding, but she didn't look like it.

“Her name is Erika Mendez. I met her just yesterday.”

Dahan-dahan niyang nilapitan ang salamin at sinipat ang mukha ng dalaga. Sa unang tingin ay mapagkakamalan niya talaga itong si Ashlyn, ngunit hindi nga nagsisinungaling ang kanyang ina. Ibang tao ito.

“She's a bit slimmer,” ani Miranda. “Pero iisipin na lang ng mga tao na nag-diet siya these past days. Hindi naman na siguro nila papansinin ang ilong niya. So what do you think?”

Hindi pa rin niya maalis ang titig kay Erika. Mahirap paniwalaan, ngunit kamukha nga talaga ito ni Ashlyn. “I cannot believe this!”

“You'd better believe it, Son,” nanunuksong balik nito. “It's right before your eyes now. Gusto mo siyang lapitan?”

Davon shook his head and looked away from the lady. Kung dati ay inisip niyang nababaliw ang kanyang ina, ngayon ay parang siya naman ang mababaliw. “Mom, seryoso ka ba talaga?”

“Ba’t naman ako magbibiro? Hindi ba ’yan ang usapan natin? Kapag nakahanap ako ng kamukha ni Ashlyn, you are going to cooperate.”

Natatawang hinaplos niya ang kanyang buhok. “Well, I never thought—”

“You never thought I could actually find one, did you?”

“Well, yes,” tango niya. “I thought it was impossible, but now that I’ve seen her, I’m not really sure.”

“Davon, you promised me. It will not be a real wedding. Wala kang dapat alalahanin.”

“At pagkatapos ng kasal, ano’ng mangyayari? We will live separately? Makakahalata rin ang mga tao.”

“Napag-usapan na rin namin ’yan. After the wedding, she will continue to pose as your wife for a few months.”

“Oh, my God!” he uttered. “Pumayag na ba siya?”

“Siyempre naman. Kaya ko nga siya tinawag dito para isukat niya ang wedding gown.”

“Pumayag din ba siyang makitira sa akin?”

Tumango ang ginang. “Ako mismo ang kumausap

sa hotel na pinapasukan niya para payagan nila siyang mag-indefinite leave. While she's off from work, ako muna ang magpapasuweldo sa kanya.”

“And I'm sure she asked something in return?”

“Of course. She owes the bank half a million pesos, at ako ang magbabayad doon. But I wouldn't consider it a loss. Mas malaki ang mawawala sa akin kung hindi ko siya napapayag. Besides, she's a beauty. I can make good use of her.”

Davon chuckled. Sa hindi niya maipaliwanag na dahilan ay dismayado siya. Inasahan niyang disente ang babaeng iyon, ngunit katulad din pala ito ng iba na handang ibenta ang dangal para lamang sa pera.

“The fact is, she's using you,” aniya kay Miranda. “Not the other way around.”

Tumaas ang kilay nito. “It's a win-win situation, Davon. I think she'd be worth every money I spent. Gusto mo ba siyang makilala? Tawagin ko siya dito para makapag-usap kayo.”

Muli niyang tinitigan ang dalaga. His mother was right. She was beautiful. Just like Ashlyn, she had a heart-shaped face and long, straight hair. Pareho maging ang hugis ng mga mata nito, at kahit medyo malayo siya ay nakikita pa rin niya ang mahahaba

nitong pilik. Maputi ang kutis nito at mamula-mula ang mga labi. With a sexier figure and a better sculptured nose, she was probably even prettier than Ashlyn.

His heart skipped when she suddenly smiled at the little girl who came to her. He'd never seen such beautiful smile and lively gaze before.

Mabilis niyang inilihis ang tingin dito. The fact that she looked almost exactly like Ashlyn made him hate her like how he hated the fiancée who abandoned him. Kung makakasama niya ito nang ilang buwan ay baka hindi niya kayaning makita ang pagmumukha nito sa araw-araw.

“I don't like to meet her,” malamig niyang tugon na bahagyang ikinagulat ng kanyang ina. “Kung hindi lang dahil sa inyo, ayaw ko sana ng ganitong drama. But I care for you at ayaw kong masira ang career ninyo, so I will be at the wedding tomorrow.”

“Oh, Davon...” Nanlambot ang puso ni Miranda na yumakap sa kanya. “Thank you very much for understanding me. Iniisip ko rin naman ang magiging kalagayan mo. Ayaw kong lokohin ang mga tao, but I cannot possibly risk our reputation.”

Tumango siya at hinalikan ito sa pisngi. “I

understand. Kailangan ko na munang pumunta sa opisina. Emergency daw.”

“Now? Ayaw mo ba talagang magpakilala muna kay Erika?”

“Bukas na lang. We will have plenty of time getting to know each other for the next few months.”

He left the house, at habang nagmamaneho siya sa kahabaan ng highway ay naiguhit ang mukha ni Ashlyn sa kanyang alaala. Kung hindi ito umalis ay totoong kasalan sana ang magaganap at hindi lamang isang pagpapanggap. She just made a big mess in his life, and he couldn't possibly forgive her.

He pitied that woman named Erika. Dahil lamang sa kamukha nito ang taksil niyang fiancée ay kinamumuhian na rin niya ito.

But he couldn't help it. Makita lamang niya ang mukha nito ay parang nais na niya itong sakalin. Worse, he would have to live with her for a few months.

She was a complete stranger, at malaki ang posibilidad na baka hindi niya ito makasundo. Hindi rin niya maalis sa kanyang isipan na baka may iba itong plano kaya nito tinanggap ang alok ni Miranda.

But for an unknown reason, he still couldn't forget her smile. Parang hinihilom ng ngiti nito ang sugat na iniwan sa kanya ni Ashlyn. Strange, but he felt lighter now after just a glimpse of her, like an angel just came down from heaven to lift the pain off his heart.

Suot na ni Erika ang wedding gown na ipinagmamalaki ni Miranda, at sa ilang sandali lamang ay mag-uumpisa na ang kasal na idaraos sa malawak na garden ng mga Zareno.

It was indeed a very beautiful gown. Medyo malapad daw ang baywang ni Ashlyn, kaya sa nakaraang dalawang araw ay pinagkaabalahan ni Miranda ang kinakailangang adjustments para mag-fit sa kanya ang gown. Much to her surprise, it looked perfect on her.

The gown was strapless, molding perfectly around her size thirty-six bust and revealing a deep cleavage between two white, round mounds. It was made of the softest silk she had ever felt. Several emerald beads adorned the edges and formed a thick floral design along the bustline and fading down the waistline. Kung gaano iyon kahapit sa makitid niyang baywang ay ganoon naman iyon kalapad at kahaba

pababa hanggang sa sahi. More beads decorated the hem as two layers of light and almost transparent chiffon draped over it.

Suot na niya ang kanyang veil, ngunit sa nipis ng tela ay malinaw pa rin niyang nakikita ang kanyang mukha. Magaling ang makeup artist na umayos sa kanya. Sa edad niyang twenty-five ay pinagmukha siya nitong mas bata nang ilang taon.

“Ma’am Ashlyn,” anang isang assistant ni Miranda na dumungaw sa pinto. “Labas na raw po kayo in two minutes.”

Tumango siya bago sumagot. “Okay.”

Then she was alone again.

Maliban kay Miranda at sa anak nitong si Davon ay walang nakakaalam sa tunay niyang identity, maging si Javier Zareno. Inilhim iyon ng fashion designer dahil siguradong tututulan daw iyon ng asawa nito. Hindi pa raw nakikilala ni Javier si Ashlyn, kaya wala silang magiging problema sa bagay na iyon.

Nakaramdam na siya ng kaba sa kanyang dibdib. Huminga siya nang malalim at pilit kinumbinsi ang kanyang sarili na isang pagtatanghal lamang iyon. Dati siyang member ng theatre noong college, kaya

madali lamang dapat ito para sa kanya.

Lumabas na siya sa dressing room kung saan hinihintay siya ng kanyang maid of honor at wedding choreographer. Sabay-sabay silang nagtungo sa backdoor. Bukas ang pinto, ngunit may kurtina na nakatakip doon.

The music started at para bang nakikini-kinita na niya ang pagmamartsa ng kanyang groom na hindi pa niya nakikita. Naalala niya ang boyfriend niyang si Geoffrey. Bago niya tinanggap ang offer ni Miranda ay kinausap muna niya ito. Isa rin lang itong ordinaryong empleyado sa city hall, kaya hindi rin siya nito natulungan sa kanyang suliranin. Batid nito at ng kanyang pamilya na hindi totoo ang kasalang iyon, kaya madaling pumayag ang mga ito.

Ang totoo ay nasaktan siya sa pagpayag ni Geoffrey. Hindi man lang ito nagselos at natakot na baka mahulog ang loob niya kay Davon. Matagal na niyang napapansin ang pagbabago nito. Halos wala na itong oras sa kanya. May mga pagkakataong nais na niya itong hiwalayan, ngunit parati siyang pinagsasabihan ng kanyang ina na pinagbubutihan lang nito ang trabaho para makuha nito ang promotion at mabigyan siya ng magandang buhay.

She doubted that. Alam niyang nawawala na

ang damdamin ni Geoffrey sa kanya, at ganoon din siya rito.

Lumipas ang ilang sandali at biglang nagpalit ang musika; the bridal march had begun. Naunang lumabas ang maid of honor na sinalubong ng malakas na palakpakan.

Muling bumilis ang kanyang pulso, ngunit nang senyasan siya ng choreographer na lumabas na ay kaagad siyang tumango.

Nagulat siya sa dami ng tao na nabungaran niya. Maliban pa roon, sunud-sunod ang flash ng mga cameras sa kanyang harapan. For a moment, she was paralyzed.

It was a struggle to get her feet to move again as the cameras followed her. She made it through the golden arch decorated with white roses. Napakahaba ng red carpet na kanyang dadaanan patungo sa naghihintay niyang groom.

Habang papalapit siya sa altar kung saan naroon ang pari ay unti-unting naglaho ang kanyang kaba. Hindi na niya halos napapansin ang kapaligiran.

Slowly, her groom came into view. She couldn't believe she was actually looking at a six feet tall man wearing a white suit. He looked so dashing with

the way he sported such elegant attire, like a real aristocrat himself.

Para ba siyang natulala nang lumiwanag ang mukha nito. His hair was slickly and neatly combed back his head and not a single strand astrayed down his perfect face. His eyes were deep and they shone like the bright moon at night. Tuwid at matangos ang ilong nito at mataas ang cheekbones. And oh, those lips! She had always dreamed of kissing such full, strong mouth. How she wanted them to touch her whole naked body..

Damn! she told herself and dragged herself back to reality. Nakakita lang siya ng guwapo ay kung anu-ano na ang ini-imagine niya. Hindi naman niya ito totoong magiging asawa. Ituring na lamang niya itong co-actor.

Nginitian niya ito, ngunit isang matalim na tingin ang ibinalik nito. Mukhang totoo ang kanyang suspetsa. Masama talaga ang ugali nito kaya ito iniwan ni Ashlyn.

Finally, she came to him and she held onto his arm. Five feet two ang taas niya at nakatakong pa siya ng three inches, ngunit hanggang balik pa rin siya nito.

An acute jolt of lightning suddenly passed even through her gloved hands. Nagtaka siya kung bakit ganoon pa rin ang naramdaman niya sa kabila ng kasupladuhan nito.

Huminto sila sa tapat ng pari na isang kamag-anak daw ni Miranda. As the ceremony started, her conscience struck her. Ngunit hindi na siya maaari pang umurong.

Para bang napakatagal ng paglipas ng bawat segundo, hanggang sa wakas ay natapos na rin ang exchange of vows. Halos mapilipit ang dila niya nang sabihin niyang 'I do', samantalang si Davon ay walang kahirap-hirap na binanggit ang mga salitang iyon na hindi man lang sumulyap sa kanya.

Her hand trembled as he tried to put the ring on her finger. Napilitan itong tumingin sa kanya. Hindi na matalim ang titig nito kundi para ba nitong sinasabi na huminahon siya. She did calm down and he finally managed to put the ring on.

Ngunit anuman ang gawin niya ay muli rin siyang kinabahan nang iangat nito ang kanyang veil. As he slowly lowered his head to press a kiss on her lips, she almost collapsed.

His lips felt soft and warm against hers, creating

Temporary Marriage - Rebecca Rosal

a huge wave of combined heat and electricity all over her body. Akala niya ay sandali lamang iyon, ngunit hindi siya nito kaagad binitawan. He brushed his lips over hers for a few more seconds, at nang lumakas ang palakpakan ng mga tao ay saka lamang ito huminto.

Hiyang-hiya niyang binuksan ang kanyang mga mata. Nasorpresa siya sa nakitang ngiti sa mga labi nito. Hindi niya malaman kung kinukutya siya nito o sadyang masaya lang ito.

Damn her, but that kiss felt so good! It just turned her knees into jelly. Geoffrey never managed to make her feel that good with just a short kiss.

3

Walang lakas na bumagsak si Davon sa sofa. Sa wakas ay natapos na rin ang celebration at nagsiuwian na ang mga bisita. Mag-isa na lamang siya roon sa sala habang hinihintay si Erika na umakyat sandali para magbihis.

He didn't expect he'd find that day enjoyable. He did have fun talking to old friends and watching some presentations. But the best part was when he kissed Erika after the exchange of vows and during the party as requested by the guests.

Her lips were soft and sweet. The pleasant feeling that it awakened in him took him by surprise. Kung hindi pa siya nito itinulak kanina ay hindi siguro niya inihinto ang halik niya rito, kahit ba nasa gitna sila ng maraming tao.

The kiss made him happy for a while, hanggang sa nakita niyang muli ang mukha nito.

She was beautiful, of course; lovely enough for a goddess. Ngunit anumang gawin niya ay si Ashlyn pa rin ang pumapasok sa kanyang isipan sa bawat sandaling makita niya ito.

“Are you not spending the night here?” tanong ni Miranda na kapapasok lamang. “You still have your room upstairs.”

Umiling siya. May mga relatives silang mga galing abroad at maninirahan doon ng ilang araw. After a whole tiresome day, he wanted complete peace. Hindi na siya makapaghintay na umuwi sa kanyang bahay. “Sa bahay na lang ako magpapahinga.”

“Si Erika? Isasama mo ba siya?”

“I have to. Kung may makahalata na hindi kami magkasama ngayong gabi, it might trigger a suspicion. Bukas na lang namin kukunin ’yung mga gamit niya.”

“That’s good,” anito bago umupo sa tabi niya. “And thank you, Davon. It was a great day, and your bride looked fantastic in her wedding gown.”

Nangiti siya. Erika did stun him as she was walking down the aisle. Ayaw man niyang aminin, but Ashlyn couldn’t have looked as stunning as Erika did. But still, her face resembled his former girlfriend’s.

“She probably is, but I don’t like her face.”

“Davon! How could you say that? Kahit kamukha niya si Ashlyn, magkaiba pa rin silang tao.”

“Pareho lang sila sa paningin ko,” giit niya.

“Son, give Erika a chance. Who knows? You might find her a good wife then we wouldn’t have to stage an annulment.”

Ngumisi siya. “Paano ko naman magugustuhan ang babaeng kamukha ng traydor kong ex? I mean it. I really cannot stand looking at her face.”

Hindi umimik si Miranda. Nang tingnan niya ito ay nagtaka siya kung bakit parang gulat itong nakatingin sa hagdanan. Nang sundan niya ang mga mata nito ay nakita niya si Erika na nakatayo roon, hawak ang isang malaking bag. She was then wearing a fitted thigh-length dress. The sight of her deep cleavage and sexy curves left him with eyes opened wide.

His flesh suddenly hardened beneath its confinement. He felt the urge to grab her and ravish her underneath him, but he fought it. Hindi pa niya ito gaanong kakilala. Baka matakot ito sa kanya at hindi na muling magpakita.

But that wasn’t the least of his problem. Narinig nito ang huli niyang mga salita, at sa nalukot nitong mukha ay halatang nainsulto ito.

Tumayo siya at nilapitan ito. Kinuha niya

ang hawak nitong bag at saka niya ito inakbayan. “Let’s go,” aniya at nagpaalam sila sa kanyang mga magulang.

It was a long drive home. Halos kalahating oras na siyang nagmamaneho at si Erika ay tahimik na nakaupo sa tabi niya. Wala ni sinumang nagsalita sa kanila. Hindi man lang ito sumulyap sa kanya ni minsan.

For a strange reason, he found comfort in her company. Mula pa nang makatabi niya ito sa altar ay may kung anong aura na nanggagaling dito na para bang pinaparam ang sakit ng pag-iwan sa kanya ni Ashlyn. Lalo na nang isinayaw niya ito kanina lamang. He had to close his eyes to get the image of Ashlyn off his mind.

That way, he really felt her as another woman. She was so close to him that he could actually feel her soft breasts pressed against his chest. Naririnig niya maging ang mabilis na pintig ng puso nito. And her body molded perfectly against his like she belonged right in his arms.

“I’m sorry,” aniya sa ‘asawa’ makaraan ang ilang sandali. Hindi na niya matiis ang katahimikan nito. Alam niyang galit ito sa kanya.

Bigla itong lumingon sa kanya. Her lips were open as though wondering why he was apologizing.

Napalunok siya. How he wanted to kiss those supple, red lips once again! “I didn’t mean to dislike your face just because you look like someone else.”

Tahimik pa rin ito nang ilang segundo, saka ito tumango. “Wala ’yun.”

Despite having said that, alam ni Davon na masama pa rin ang loob nito.

“Your face reminds me of her,” he started to explain. Wala pa siya ni sinumang napagsabihan ng kanyang saloobin, ngunit kailangan niyang magpaliwanag dito para maintindihan nito ang tunay na sitwasyon. “I loved her, but she betrayed me. And looking at you only brings back the pain... Sana maintindihan mo ’yan.”

Hindi ito sumagot, pero lumambot ang mukha nito. Alam niyang naintindihan siya nito.

Napatingala si Erika sa dalawang palapag na bahay pagbaba niya ng kotse. Mala-mansyon pala ang laki ng tahanan ni Davon, at napakaganda ng disenyo. Maging ang bakuran ay tinatakpan ng bermuda grass

at sa mga gilid-gilid ay puno ng mga bulaklak.

“Come on in,” ang lalaki nang mabuksan nito ang main door.

Sinundan niya ito sa loob at kaagad niyang iginala ang paningin sa bawat sulok ng bahay. The living room was gigantic. Carpeted ang sahig at sa itaas ay may nakasabit na mala-higanteng chandelier.

Umakyat sila ng hagdanan hanggang sa huminto ito sa tapat ng isang pinto.

“This will be your room,” anito at binuksan ang pinto. Nauna itong pumasok at ibinaba sa ibabaw ng kama ang kanyang bag.

Palihim niyang sinulyap-sulyapan ang malawak na silid. Ayaw niyang ipahalata rito ang kanyang excitement. Mas maganda pa ang kuwartong iyon kaysa sa mga silid sa pinapasukan niyang hotel. Kulay ginto ang mga kurtina na nakatakip sa mga bintana at kompleto na iyon sa gamit. Mayroon pa siyang vanity mirror at personal refrigerator.

“Feel at home,” Davon said as he turned to see her. “Kung may kailangan ka, nand’un lang sa ibaba si Joy. Kung may pupuntahan ka naman, sabihin mo lang kay Albert para ipagmaneho ka niya. And while you’re staying here, your name will be Ashlyn. So get

used with that name.”

Tumango siya. Kahit ngayon pa lamang ay sanay na siya sa pangalang iyon. Mula pa kanina sa seremonya ay ‘Ashlyn’ ang bukambibig ng pari at maging ng mga tao na bumabati sa kanila. Sa cake din ay Ashlyn ang nakalagay na pangalan, maging sa mga regalo na ibinigay sa kanila. Pakiramdam tuloy niya ay ang tunay na Ashlyn ang ikinasal dito at siya ay isang manika lamang na siyang pansamantalang tumayo sa lugar ng babae.

Iyon ang katotohanan kaya walang dahilan para sumama ang loob niya. Binayaran siya para gawin iyon. Hindi naman totoo ang naganap na kasal, at makalipas ang anim na buwan ay matatapos na ang kanilang drama. Babalik din siya sa dati niyang buhay bilang si Erika Mendez, ang ordinaryong receptionist ng five-star hotel.

“Kilala ba ni Joy si Ashlyn?” tanong niya.

Umiling ito. “Pero nagkita na sila. Mahiyain kasi si Joy kaya hindi sila gaanong nagkakilala ni Ash. But don’t worry about that, sinabi ko na kay Joy ang tungkol sa ’yo. She’d been with me for three years. May tiwala ako sa kanya.”

Nakahinga siya nang maluwag. Mabuti at hindi

na niya kailangang magpanggap sa lahat ng oras.

“Baka pagod ka na,” ani Davon. “I will leave you to rest. Bukas kukunin natin ang mga gamit mo.”

“Thank you,” ang tanging naitugon niya. Kahit buong araw niya itong nakasama ay nahihiya pa rin siya rito.

Tumango ito at lumapit sa kanya. When he lowered his head, she knew he was going to kiss her as though it was just a natural thing for him to do.

Bigla itong huminto at dahan-dahang lumayo. “Sorry,” he said and left the room.

Napakainit ng kanyang pisngi nang hawakan niya iyon. Siguro ay sa ganoong paraan ito nagpapaalam kay Ashlyn at sa isang iglap ay inakala nitong siya ang babaeng iyon. He probably came to his senses at the last second kaya ito biglang umalis.

Isinara niya ang pinto at malaya nang tumingit-ingit sa paligid. Sinilip niya ang banyo. Gaya ng inasahan niya, malawak iyon at pinalibutan ng emerald tiles.

Ang balcony ang sunod niyang pinuntahan. Sariwa ang hanging nalalanghap niya roon at napakagandang pagmasdan ng mga ilaw na

natatanaw sa di-kalayuan.

Nakadama siya ng panlalamig kaya minabuti niyang bumalik sa loob. Umupo siya sa queen-sized bed at hinaplos ang malambot na bedcover. Hihiga na sana siya nang makarinig siya ng isang bagay na nabasag mula sa kabilang kuwarto.

Dahil curious, naisip niyang tingnan kung ano iyon. Pagsilip pa lamang niya sa labas ng pinto ay hustong lumabas si Davon sa kabilang kuwarto. Topless ito at tanging jeans lamang ang suot.

Mabilis siyang nagtago sa likod ng isang malaking halaman na katabi ng pinto at pinanood itong tinungo ang glass door na sa tingin niya ay patungo sa terrace. Napansin niya ang hawak nitong bote ng alak, ngunit hindi niya maalis ang kanyang titig sa likuran nito.

God, he was breathtaking! Napakaganda pala ng katawan ng kanyang 'asawa'. Malalaki ang muscles nito sa mga braso, malalapad ang balikat at makitid ang baywang. She wondered how it would feel to hug him from behind and rest her cheek on his spine. *It could be heaven!*

Natagpuan niya ang kanyang sarili na patungo sa bukas na glass door. Dahan-dahan niya itong sinilip. Nakatayo ito malapit sa balustrade at nakatingin sa

kalangitan na para bang may hinihiling.

He never moved for a whole minute, hanggang sa nakita niya ang pagbuntong-hininga nito mula sa galaw ng mga balikat nito. Hindi na kailangan pa ang anumang salita para malaman niyang si Ashlyn ang iniisip nito.

Biglang nanikip ang dibdib ni Erika at nagdesisyon siyang bumalik na sa kanyang kuwarto. Hindi niya alam kung bakit siya nagseselos, lalo na't mayroon siyang kasintahan, at kahit nagkakaproblema na sila ni Geoffrey ay naniniwala siyang mahal pa rin niya ito.

Habang patuloy niyang pinapanood si Davon ay unti-unti siyang nakaramdam ng awa rito. Mahal na mahal nga nito si Ashlyn. Damang-dama niya ang sakit na kinikimkim nito. Nauunawaan na niya kung bakit sinabi nitong ayaw nitong nakikita ang kanyang mukha. She would always remind him of the painful memory that he was trying so hard to forget.